

Kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang Linggo ng Pambansang Public Works mula Mayo 17-23

BRAMPTON, ON (Mayo 19, 2020) – Hanggang Mayo 23, kinikilala ng Lungsod ng Brampton ang National Public Works Week (NPWW) para ipagdiwang ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga propesyonal sa public works sa ating komunidad.

Sa panahon ng tugon ng Lungsod sa COVID-19, ang team nito sa Public Works at Engineering ay nagpapatuloy sa kritikal at mahalagang trabaho ng mga frontline, kabilang ang: konstruksyon at maintenance para mapanatiling ligtas ang mga bangketa, daan at tulay para sa mahalagang pagbibiyahе, pangangasiwa sa signal at ilaw sa kalye, paglilinis sa spring, paglilinis ng catch basin, at pagwawalis sa kalye.

Sa nakalipas na mga taon, ipinagdiwang ng Brampton ang NPWW sa pamamagitan ng pagbubuo ng kamalayan kung paano nakakaapekto ang mga serbisyo ng public works sa komunidad araw-araw, kasama ang bilang ng masaya at nagpapalahok na mga aktibidad sa buong linggo. Kahit na walang personal na mga event sa taon na ito, hinihikayat ng Lungsod ang mga residente na matuto sa kung gaano kahalaga ang ginagampanan ng mga propesyonal na ito sa pagpapanatili sa Brampton na ligtas, malinis at gumagalaw. Sundan ang @CityBrampton sa [Twitter](#), [Facebook](#) at [Instagram](#) sa buong linggo o bisitahin ang www.brampton.ca para sa karagdagang impormasyon.

Mga Quote

“Mula sa pangangasiwa sa tubig-ulan o tubig-niyebe hanggang sa konstruksyon ng mga daan at tulay, ginagampanan ng mga propesyonal sa public works ang mahalagang papel sa pagmimintina sa lungsod, sa buong taon. Kahit na hindi natin maipagdiwang ang kanilang trabaho sa pamamagitan ng ating taunang mga event sa taong ito, nagpapasalamat tayo sa kanila sa walang pagod na pagtatrabaho para gawing ligtas at malusog na lungsod ang Brampton.”

– *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang linggo ng Pambansang Public Works ay isang paalala sa pagtanggap tungkol sa mahalagang papel na ginagampanan ng kahalagahan ng public works sa pagsuporta sa de-kalidad na buhay sa ating komunidad. Salamat sa pagsisikap ng pangkat na ito, nagagawa ng ating mga residente na ligtas na magawa ang mahalagang pagbibiyahе, sumakay sa mga bike at maglakad-lakad sa kanilang kalapitbahayan sa mahirap na mga panahong ito.”

– *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works at Engineering*

“Bukod sa pagpapanatiling malusog at ligtas ang ating komunidad, ang ating Public Works at Engineering team ay gumawa ng commitment na gawing Luntiang lungsod ang Brampton. Sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga proyekto ng aktibong transportasyon tulad ng bagong inilunsad na pansamantalang bike lanes, hakbang sa paggamit ng kasangkapan sinadya para sa paglilinis ng niyebe hanggang sa pagbabawas ng mga emission, ang ating kapaligiran ay nananatiling nasa puso ng kanilang trabaho.”

– *Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Public Works at Engineering*

“Sa buong taon, ang ating team ng Public Works at Engineering ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapanatiling ligtas, malinis, at gumagalaw ang Brampton. Nitong Linggo ng Pambansang Public Works, gusto kong pasalamat ang ating dedikadong frontline staff na nagpapatuloy sa paghahatid ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo na inaasahan ng ating komunidad araw-araw.”

– *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca